**Pamanang kultural o Praktikalidad: Komersyalisasyon ng Pambansang Museo sa Pamamagitan ng Adaptive Reuse**

**Introduksyon**

Ang konsepto ng adaptive reuse, na tumutukoy sa muling paggamit ng mga makasaysayang estruktura para sa komersyal na layunin, ay naglalayong lumikha ng balanse sa pagitan ng pagpapanatili ng kultural na pamana at mga pang-ekonomiyang layunin. Makikita na ang National Museum ay tumatanggap ng iba't ibang programa sa museo gaya ng fashion show at mga wedding receptions. Sa pag-usbong ng komersyalisasyon sa mga pambansang museo ay naging isang mahalagang hakbang upang matugunan ang pangangailangan nito para sa pondo at mapanatili ang mga makasaysayang gusali. Gayunpaman, nagdudulot ito ng mga isyu hinggil sa pagbabago ng mga layunin ng mga espasyong ito, lalo na kung ang kanilang kasaysayan ay isinasantabi para sa kita. Ang pananaliksik na ito ay nakatuon upang masagot ang katanungang, "Paano nagtataguyod ng balanse sa pagitan ng kasaysayan at komersyalismo ang adaptive reuse sa Pambansang Museo?"

**Mga Tiyak na Tanong sa Pananaliksik:**

1. Paano naaapektuhan ng adaptive reuse ang mga layunin ng Pambansang Museo?
2. Anu-ano ang mga hamon sa pagpapanatili ng balanse sa pagitan ng kasaysayan at komersyalismo?

3. Paano tinatanggap ng publiko ang mga pagbabago sa paggamit ng Pambansang Museo?

**Layunin**

1. Suriin ang mga epekto ng adaptive reuse sa pagpapanatili ng mga layunin ng Pambansang Museo.
2. Tukuyin ang mga pangunahing isyu na dulot ng pagbabago ng layunin ng mga pambansang gusali para sa komersyal na gamit.
3. Pag-aralan ang pananaw ng publiko hinggil sa mga pagbabagong dulot ng komersyalisasyon.
4. Magbigay ng mga rekomendasyon para sa mas balanseng pamamahala sa pagitan ng pagpapanatili ng kultural na pamana at pang-ekonomiyang layunin.

---

**Paggalugad sa Alternatibong Espasyo ng Sining: Isang Pag-aaral ng paggamit ng Valenzuela Academic Center for Excellence upang maging tahanan ng Arts in the City**

**Introduksyon**

Ang mga pampublikong silid-aklatan, na kilala bilang mga sentro ng kaalaman, ay unti-unting nagiging mga alternatibong espasyo para sa sining. Ang taunang arts workshop program ng Valenzuela na pinangalanang "Arts in the City" sa Valenzuela Academic Center for Excellence o Valenzuela Library ay isang halimbawa kung paano nagiging tahanan ng iba't ibang anyo ng sining ang mga ganitong lugar. Ang taunang

programang ito ay pagkakaroon ng workshop sa mga bata hanggang 18 years old na mga kabataan tulad ng Sing, Dance, Acting, Visual Arts, Instrument Workshop, maging ang Recital nito. Sa kabila ng hamon na mapanatili ang orihinal na layunin ng aklatan, ang mga espasyong ito ay nag-aalok ng bagong konteksto para sa sining at kultura. Sa pag-aaral na ito, susuriin ng mananaliksik ang katanungang “Paano nakatutulong ang Valenzuela Library upang maging tahanan ng sining ng mga artista ng Valenzuela”.

**Mga Tiyak na Tanong sa Pananaliksik:**

1. Paano nakakaapekto ang paggamit ng Valenzuela Library bilang espasyo ng sining sa komunidad at mga bisita nito?
2. Anu-ano ang mga hamon sa pagpapatupad ng eksibisyon at pagtatanghal sa isang alternatibong espasyo tulad ng silid-aklatan?
3. Paano isinasaalang-alang ng mga organizer ng "Arts in the City" ang pagkakatulad ng layunin ng sining at edukasyon sa nasabing espasyo?

**Layunin**

1. Tukuyin ang mga epekto ng paggamit ng Valenzuela Library bilang alternatibong espasyo ng sining.
2. Suriin ang mga hamon na hinarap ng mga tagapag-organisa at ng lokal na komunidad.
3. Talakayin ang antas ng pakikilahok ng mga artista at ang kanilang kaalaman tungkol sa sining matapos ang eksibisyon at pagtatanghal.
4. Tiyakin kung epektibo ang pagsasama ng sining sa isang hindi tradisyonal na espasyo upang palawakin ang sakop ng art engagement sa publiko.

**Mula sa Sining ng Aliw Tungo sa Tapat na Kuwento: Ang Ebolusyon ng mga Pelikulang Queer sa Pilipinas**

**Introduksyon:**

Ang mga pelikulang queer sa Pilipinas, lalo na ang mga pelikula ni Wenn Deramas, ay nagbigay-daan sa mga talakayan tungkol sa mga isyung panlipunan na madalas na nalalampasan. Sa kanyang mga gawa, ang mga karakter na LGBTQ+ ay karaniwang inilalarawan sa isang nakakatawang paraan, umaasa sa mga stereotype at labis na pagpapalakas ng mga katangian katulad ng Praybeyt Benjamin, Girl, Boy, Bakla, Tomboy at iba pa. Sa paglipas ng panahon, unti-unting nawawalan ng diin ang mga komedikong elemento upang mas bigyang-pansin ang tunay na karanasan ng LGBTQ+ community gaya ng Game Boys, Gaya sa Pelikula, About Us But Not About Us at iba pa. Ang pagbabagong ito, mula sa simpleng komedyang representatyon patungo sa mas realistikong representasyon, ay nagiging mahalaga sa pag-unawa sa mga tunay na kwento at hamon na kinahaharap ng mga indibidwal sa komunidad. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga pagbabagong ito masasagot ang katanungang, “Paano nagbago ang representasyon ng LGBTQ+ mula sa mga komedyang pelikula patungo sa mas makatotohanan at makabuluhang paglalarawan sa mga kasalukuyang obra?”

**Mga Tiyak na Tanong sa Pananaliksik:**

1. Ano ang mga pangunahing pagkakaiba sa mga tema at representasyon ng LGBTQ+ sa mga pelikula ni Wenn Deramas kumpara sa mga modernong direktor?

2. Paano nakatulong ang mas makatotohanang at dramatikong pagkuwento sa pag-unawa ng publiko sa mga karanasan ng LGBTQ+?
3. Anong mga epekto ang dulot ng pagbabagong ito sa pananaw ng lipunan at pagtanggap sa LGBTQ+ community?

**Layunin:**

1. Suriin ang mga elemento ng mga komedikong pelikula ni Wenn Deramas at kung paano ito nag-ambag sa pagbuo ng pananaw tungkol sa LGBTQ+.
2. Tukuyin ang mga bagong tema at kwento sa mga pelikulang LGBTQ+ na nilikha ng mga contemporary directors.
3. Alamin ang epekto ng mas reyalistikong representasyon sa pagbuo ng kaalaman at pagtanggap ng lipunan sa LGBTQ+.
4. Magbigay ng mga rekomendasyon para sa mga filmmaker patungkol sa mas responsableng representasyon ng LGBTQ+ sa kanilang mga pelikula.

---

**Tanghal ng Komunidad: Paghahambing na Pagsusuri ng mga Paraan ng Sining sa mga Grupo ng Komunidad na Teatro sa Valenzuela**

**Panimula:**

Ang community theatre ay isang mahalagang bahagi ng kulturang lokal, na nag-uugnay sa mga tao sa kanilang mga kwento at karanasan. Sa Valenzuela, umusbong ang iba't ibang grupo ng teatro na binubuo ng mga estudyante mula sa iba't ibang paaralan at mga alumni ng mga organisasyon, na nagbibigay buhay sa mga natatanging anyo ng

sining. Ang mga grupong ito na nakikilahok sa North Cluster ng National Commision on the Culture and the Arts noong 18th Tanghal ay gumagamit ng sari-saring pamamaraan, na nagbubukas ng pagkakataon para sa mga manonood na masusing suriin ang kanilang mga natatanging pagsasakatawan. Sa pag-usbong ng mga ito, naipapahayag ang yaman ng kultural na pagkakaiba at pagkamalikhain sa komunidad. Nais sagutin ng pag-aaral na ito ang ang katanungang, “Paano ginagamit ng mga grupo ng community theatre sa Valenzuela ang kanilang mga natatanging artistikong pamamaraan at proseso ng paglikha upang makipag-ugnayan sa kanilang mga manonood at ipakita ang lokal na kultura?”

**Mga Tiyak na Tanong sa Pananaliksik:**

1. Ano ang mga pangunahing artistikong pamamaraan at proseso ng paglikha na ginagamit ng bawat grupo ng community theatre sa Valenzuela?
2. Paano nagkakaiba ang mga tema at estilo ng kanilang mga produksyon, at anong mga kultural na salik ang nakakaapekto sa kanilang mga pagpili?
3. Ano ang epekto ng mga artistikong lapit at pamamaraan ng paglikha sa pakikipag-ugnayan ng mga manonood at sa pagkakakilanlan ng komunidad?

**Mga Layunin:**

1. Tukuyin at i-kategorya ang mga artistikong pamamaraan at proseso ng paglikha na ginagamit ng iba't ibang grupo ng community theatre sa Valenzuela.
2. Suriin ang mga tema sa kanilang mga produksyon at kung paano ito sumasalamin sa mga lokal na naratibo ng kultura.

3. Tayahin ang mga reaksyon at antas ng pakikipag-ugnayan ng mga manonood sa iba't ibang produksyon.
4. Suriin ang papel ng community theatre sa pagpapalawak ng kamalayan sa kultura at pagkakaisa sa loob ng Valenzuela.
5. Magbigay ng mga rekomendasyon para sa pagpapabuti ng kolaborasyon at suporta sa mga lokal na grupo ng teatro.

---

**Liwanag sa Sining: Pagsusuri sa Estratehikong Pagpaplano para sa Valenzuela City Center for Performing Arts sa pag-unlad ng pangsining na programa ng Valenzuela**

**Introduksyon**

Itinatag ang Valenzuela City Center for Performing Arts (VCCPA) upang magsilbing platform para sa mga lokal na talento at aktibidad ng komunidad. Ang sentrong ito ay naglalayong itaguyod ang sining at kultura sa pamamagitan ng mga programang nakatuon sa pagpapaunlad ng mga artistikong kakayahan. Sa kabila nito, matapos na maipasara ang main building ng VCCPA, patuloy parin ang mga programang umiiral para sa mga artista ng Valenzuela. Dahil ng mga pagsisikap na ito, ang matagumpay na pagpapatupad ng mga programa ay nangangailangan ng masusing estratehikong pagpaplano.  Ang mananaliksik ay nagtatangkang sagutin ang katanungang, “Paano isinagawa ng Valenzuela City Center for Performing Arts ang mga pamamaraanupang matiyak ang patuloy na suporta at partisipasyon ng komunidad sa mga programang pangsining?”

**Mga Tiyak na Tanong sa Pananaliksik:**

1. Paano ipinatutupad ng Valenzuela City Center for Performing Arts ang kanilang estratehikong pagpaplano para sa mga programa?
2. Anu-ano ang mga hamon na kinakaharap sa pagpapanatili ng napapanatiling pag-unlad ng mga programang pang-sining?
3. Paano nakikilahok ang komunidad sa mga programang pang-sining ng Valenzuela City Center?

**Layunin**

1. Suriin ang mga estratehiyang ginagamit ng Valenzuela City Center for Performing Arts sa pagpapaunlad ng kanilang mga programa.
2. Tukuyin ang mga hamong hinaharap sa pagpapanatili ng mga programang pang-sining.
3. Pag-aralan ang antas ng pakikilahok ng komunidad sa mga aktibidad at programa ng sentro.
4. Magbigay ng rekomendasyon para sa mas epektibong estratehiya upang masustentuhan ang mga programang pang-sining sa hinaharap.